**State of Illinois**
Pat Quinn, Governor

**Department of Public Health**
Damon T. Arnold, M.D., M.P.H., Director

# Paglikha ng Likidong Tamiflu®

para sa mga batang mayroong Pandemic Flu

## Paano Magtimpla ng Likidong Tamiflu®

*25 mg sa bawat 5 mL (kutsarita)*

Mangangailangan ka ng:
- 75 mg ng kapsulang Tamiflu®
- (Mga) panukat na kutsarita o regular na kutsaritang pangkain o tasa para sa gamot o pangmedisinang heringgilya
- Isang (1) maliit na mangkok, baso o tasa
- Tubig at isa sa mga sumusunod:asukal, tsokolate, o may lasang syrup, may lasang panghimagas na mga topping:
- Ang mga tagubiling ito

**Mangyaring basahin ang lahat ng mga tagubilin bago magsimula.**

## Hakbang 1



75 mg capsule


Maingat na buksan ang isang 75 mg ng kapsulang Tamiflu®.



Ilagay ang lahat ng nilalaman sa isang maliit na mangkok..




Magdagdag ng 3 kutsaritang tubig sa pulbos na gamot.



Haluin nang maigi hanggang sa matunaw ang pulbos at wala nang naiwang pulbos sa ilalim ng mangkok.

Tandaan: Maaari mong gamitin ang hinalong gamot na ito nang hanggang sa 24 oras kung ito ay mapapanatiling nakatakip at mai-iimbak sa temperatura ng karaniwang silid o sa refrigerator. Itapon ang anumang hindi nagamit na likido makalipas ang 24 oras at maghalo ng panibago araw-araw.

## Hakbang 2



Timbangin ang iyong anak Gamitin ang timbang ng inyong anak upang makita ang tamang dosis sa tsart na nasa ibaba.

Timbang: ___________ lbs

## Mga Tsart ng Dosis

Maaaari mong malaman kung gaano karaming gamot ang ibibigay sa iyong anak batay sa edad o timbang ng inyong anak.
Gamitin ang tsart na ito upang hanapin ang dami para sa isang (1) dosis.
Ibigay ang dosis na ito ng_____(mga) beses sa isang araw (____sa umaga: ___sa gabi) o sa loob ng kung gaano karaming araw ka binilinang ibigay ang gamot.

**Tsart ng dosis para sa mga batang Mas Bata sa 1 taong gulang**

| **Tamiflu® likidong gamot na iniinom**<br>25mg sa bawat 5 mL (bawat kutsarita) | |
|---|---|
| **Edad** | **Dosis** |
| Mas bata sa 3 buwan* | ½ kutsarita (2.5 mL) |
| 3-5 buwan | ¾ kutsarita (3.75 mL) |
| 6-11 buwan | 1 kutsarita (5 mL) |

*Ang Tamiflu ay inirerekuminda lamang para sa PAGGAGAMOT sa mga sanggol na mas bata sa 3 buwan ang edad. Hindi ito inirerekuminda para sa prophylaxis o pagsasanggalang o proteksyon laban sa sakit sa grupo ng edad na ito maliban kung iniutos ng doktor.

**Tsart ng dosis para sa mga batang HIGIT sa 1 taong gulang**

| **Tamiflu® likidong gamot na iniinom**<br>25mg sa bawat 5 mL (bawat kutsarita) | |
|---|---|
| **Timbang (lb)** | **Dosis** |
| Mas magaan sa 16 lbs. at Higit sa 1 taong gulang | 1 kutsarita (5 mL) |
| 16 lbs hanggang 30 lbs. | 1 kutsarita (5 mL) |
| 31 lbs hanggang 36 lbs. | 1 at 1/2 kutsarita (7.5 mL) |
| 37 lbs hanggang 52 lbs. | 2 kutsarita (10 mL) |
| 53 lbs hanggang 88 lbs. | 2 at 1/2 kutsarita (12.5 mL) |
| Higit sa 89 lbs. | 3 kutsarita (15 mL) o<br>1 buong kapsula (75mg) |

*Tingnan ang likuran para sa higit pang mga direksyon .*

*Pinagpatuloy mula sa likuran*

## Ang pangalan ng anak ko ay ____________

## Ang dosis ng anak ko ay ______________

Kung wala kang panukat na kutsarita, gumamit ng isang regular na kutsarita. Kapag gumagamit ng isang regular na kutsarita ay maaaring mahirap na magsukat ng kalahating kutsarita. Gawin ang lahat ng iyong makakaya. Mas mabuting makapagbigay ng medyo mas maraming gamot kaysa sa kulang.


# Paano Magtimpla ng Likidong Tamiflu®

## Ang pangalan ng anak ko ay ____________

## Ang dosis ng anak ko ay ______________

## Hakbang 3

Kapag ibinigay ito kasabay ang pagkain ay maaaring mabawasan ang mga sintomas ng pagkahilo at pagsusuka.




Isang (1) dosis ng likidong Tamiflu®

**Ihalo sa:** asukal, tsokolate o may lasang syrup o may lasang panghimagas na mga topping upang itago ang mapait na lasa ng gamot.

***Haluin nang maigi bago ibigay.***
Tiyakin na kakainin o iinumin ng inyong anak ang lahat ng pagkain o inumin na hinaluan ng gamot.

## Hakbang 4

**Mga iba't ibang paraan upang Ibigay ang Gamot**

**Boteng may Tsupon:**
Haluin ang dosis ng gamot na may kaunting formula o gatas ng ina. Pagkatapos dagdagan ng kaunting asukal, o tsokolate o may lasang syrup at ilagay ang hinalong gamot sa loob ng boteng may tsupon. Hayaan ang iyong anak na sipsipin ang tsupon hanggang sa maubos ang gamot.

**Pangmedisinang heringgilya:**
Sa isang maliit na tasa o mangkok, haluin ang dosis ng gamot na may kaunting tubig, formula o gatas ng ina. Pagkatapos dagdagan ng asukal, o tsokolate o may lasang syrup at haluing mabuti. Alisin ang takip mula sa dulo ng heringgilya. Ibalik ang takip sa hinalong gamot at batakin ang gamot papasok sa heringgilya. Pasiritin ang gamot sa bibig sa bandang gilid ng pisngi. Siguraduhin na iinumin ng bata ang lahat ng likidong nahalo sa gamot.



**Para sa mas may-edad na mga bata:**
Tiyakin na kakainin o iinumin ng inyong anak ang lahat ng pagkain o inumin na hinaluan ng gamot.



### Mahalagang Impormasyon:

Maaaring mapigilan ng Tamiflu® ang hustong paggana ng FluMist®. Kung ang iyong anak ay binigyan ng FluMist® sa loob ng nakaraang isa hanggang dalawang linggo, kausapin ang iyong duktor tungkol dito bago bigyan ang iyong anak ng Tamiflu.

### Mga Posibleng Side Effect ng Tamiflu®:

- Pananakit ng sikmura, pagkasira ng tiyan, pagkahilo, pagsusuka, pagtatae.
- Bronchitis, ubo, hika, impeksyon sa sinus, pneumonia
- Pananakit ng tainga, impeksyon sa tainga, pagdurugo ng ilong
- Pagkahilo, pananakit ng ulo, kahirapang makatulog, pagkahapo

### Mga Babala

**Itigil ang paggamit at humingi ng tulong pangmedikal kung ang inyong anak ay magkakaroon ng alinman sa mga bibihira ngunit mapanganib na mga sintomas na ito:**

- Mga epektong allergy tulad ng: hirap sa makahinga; pagsasara ng lalamunan; pamamaga ng mga labi, dila o mukha; tagulabay.
- Pamamaltos o pagpapantal na may kasamang pagbabalat
- Hindi normal na pag-uugali, pagkalito, pagkahibang, mga problema sa pagsasalita, kombulsyon
- Paninilaw ng balat o mata, maitim na ihi, matinding pananakit ng sikmura, pagsusuka o kawalang ganang kumain
- Hindi regular na pagtibok ng puso

Pumunta sa: **www.fda.gov/cder/drug/infopage/tamiflu** para sa higit pang impormasyon tungkol sa Tamiflu®.

Kung mayroon kang anumang mga karagdagang katanungan, makipag-ugnay sa iyong duktor ng pamilya, lokal na parmasyutiko, o sa Illinois Help Line sa numerong 866-331-9191.

*Pinondohan ng federal grant mula sa Assistant Secretary for Preparedness and Response, U.S. Department of Health and Human Services. Binuo ang nilalaman ng Illinois Terrorism Task Force, Pediatric Workgroup. Mga Larawan ng Loyola University Health System, Maywood, Ill.*

Binago Abril 29, 2009

*Paalala: Ang impormasyong nilalaman sa brochure na ito ay base sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) Interim Guidance for Clinicians on the Prevention and Treatment of Swine-Origin Influenza Virus Infection in Young Children, Abril 28, 2009*